



Iwasan ang Pagpapasara sa Serbisyo ng Tubig sanhi sa hindi pagbabayad

Para maiwasan ang Pagpapasara sa Serbisyo ng Tubig, mangyaring humiling para sa Kasunduan ng Alternatibong Pagbabayad o Ekstensyon ng Pagbabayad para maisaayos ang hindi pa nababayaranang balanse sa pagtawag sa Finance Customer Service sa (408) 586-3100 o mag-email sa: FinanceCustomerService@milpitas.gov sa loob nang 13 araw mula sa Petsa ng Panghuling Abiso.

Ang mga **Kasunduan sa Alternatibong Pagbabayad** ay para sa mga customer na kailangan ng ekstrang panahon para mabayaran ang kanilang balanse ng past due sa iskedyul ng alternatibong pagbabayad nang hanggang sa labindalawang (12) buwan. Ang layunin ng mga kasunduan na ito ay para maprotektahan ang kalusugan at kapakanan ng mga pamilyang mababa ang kita. Pisikal na may kapansanang mga tao, at mga taong may medikal na mga kundisyon na nagsasapanganib sa buhay sa pagtulong sa kanila na maiwasan ang pagpapasara sa tubig sanhi sa hindi pagbabayad. Dahil dito, ang mga Kasunduan ng Alternatibong Pagbabayad ay kinakailangan ng PAREHO sa mga sumusunod na sertipikasyon:

- **Sertipikasyon ng Primary Care Provider** – sinesertipikahan ng form na ([FORM 998 a](#)) na ito na ang pagpapahinto sa serbisyo ng tubig ay magbabadya ng malalang banta sa kalusugan at kaligtasan ng mga residenteng naninirahan sa address ng serbisyo.
- **Sertipikasyon ng Pinansyal na Kahirapan** – sinesertipika ng form ([FORM 998 b](#) o ng [998 b-2](#)) na ito na ang mga residenteng naninirahan sa address ng serbisyo ay hindi kayang magbayad para sa tubig sa loob ng normal na ikot ng billing ng Lungsod ng Milpitas.

Mga tagubilin sa kung paanong makakuha ng Kasunduan ng Alternatibong Pagbabayad:

1. Tawagan ang Customer Service sa (408) 586-3100 para kunin ang Form na naaangkop sa iyong kalagayan gaya nang inilarawan sa itaas o anumang impormasyon ng Kasunduan ng Alternatibong Pagbabayad. *Available ang mga form para i-download sa page/screen ng website na ito.*
2. Kumpletong Sertipikasyon ng Primary Care Provider (*sundin ang mga tagubilin na nasa form*), lagdaan at lagyan ng petsa ang form.
3. Kumpletong Sertipikasyon ng Pinansyal na Kahirapan (*sundin ang mga tagubilin na nasa form*), lagdaan at lagyan ng petsa ang form. Alinman sa isa sa mga form (*Form 998 b o Form 998 b-2*) ay sasapat sa mga kinakailangan ng Pinansyal na Kahirapan.
4. Isumite ang PAREHONG form sa Lungsod ng Milpitas, Fiscal Services/Utility nang personal o i-email sa FinanceCustomerService@milpitas.gov
5. Sa oras ng pagkakatanggap ng Form, kokontakin ka ng Lungsod ng Milpitas, Fiscal Services/Utility sa loob nang 7 araw sa resulta ng kahilingan ng Kasunduan ng Alternatibong Pagbabayad.

Ang mga Ekstensyon ng Pagbabayad kung maaprobahan ng Lungsod, ang bayad ng customer sa kanyang hindi bayad na balanse ay maaaring pansamantalang mapahaba sa isang panahon na hindi lalampas sa tatlong (3) buwan pagkatapos ng orihinal na nag-due ang balanse. Kinakailangan ng mga Ekstensyon ng Pagbabayad ang sumusunod na form:

- **Kahilingan para sa Ekstensyon ng Pagbabayad ng Bill** – binubuo ng form (Form [998 c](#)) na ito ang account, utility bill ng customer at humihiling para sa ekstensyon ng pagbabayad.

Mga tagubilin sa kung paanong makakuha ng Kasunduan sa Ekstensyon ng Pagbabayad:

1. Para humiling para sa Ekstensyon ng Pagbabayad, mangyaring tawagan ang Customer Service sa (408) 586-3100 o mag-email sa FinanceCustomerService@milpitas.gov.
2. Kumpletuhin ang Kahilingan para sa Ekstensyon ng Pagbabayad (*sundin ang mga tagubilin na nasa form*), lagdaan at lagyan ng petsa ang form.
3. Sa oras ng pagkakatanggap ng kahilingan, kokontakin ka ng Lungsod ng Milpitas, Fiscal Services/Utility sa loob nang 7 araw sa resulta ng kahilingan ng Kasunduan ng Ekstensyon ng Pagbabayad.

TANDAAN: Sumangguni sa seksyon 6 ng Patakaran ng Lungsod ng Milpitas sa Pagpapahinto sa Serbisyo ng Pambahay na Tubig para sa mga kasunduan sa kabayaran sa itaas. **I-download ang patakaran** sa page/screen ng website na ito o tumawag sa Customer Service sa (408) 586-3100.

Simula sa **Hunyo 2022**, kung kailangan mo ng tulong sa pagbabayad sa anumag natitirang pagkakautang sa tubig, maaaring karapat-dapat ka sa iba pang program ng tulong ng Estado o Pederal. Isa sa mga programa na iyon ay ang Low Income Household Water Assistance Program (LIHWAP), kung saan ay pangangasiwaan sa pamamagitan ng Departamento ng Community Services and Development (CSD) ng California. Para sa higit na impormasyon sa LIHWAP at para malaman ang higit pa tungkol sa mga kinakailangan ng pagkanararapat, bisitahin ang kanilang website sa: www.csd.ca.gov/waterbill